Based on the Convention on the Rights of the Child (CRC), journalists must adhere to the best interest of the children taking account their right to be treated equally, right to express opinion, and right to a dignified life. These principles should be regarded as foundation for journalists working with children and adolescents.

"Media practitioners should be reminded to be aware of the common misconceptions about children and provided guidelines in crafting a story that stand with the best interests of the children." Tesz cited.

Educo recommended the following media guidelines prior to presenting reports with children or child or adolescents as subject:

**1**. The dignity and rights of the child should to be respected at all times;

**2**. Assess the possible repercussions, could this activity put the child at risk them in any way?;

**3**. Any action must be carried out with the informed and written consent from the child and their parent or guardian;

**4**. The child must know the purpose of the interview, photograph or video, and the planned usage;

**5**. Guarantee that the work is carried out with the right to confidentiality; and avoid interviewing a child in a vulnerable situation.

"Media must explain the working piece to the children. Talk to them properly and appropriately according to their language of understanding with full disclosure in the purpose of collecting the information." Tesz said.

Tesz stressed that a media practitioner is very influential in constructing public's view and perceptions so, the story affecting the welfare of the children is critical in building a child-friendly community. **(PIA-NCR)**

# Higit 500 katutubong mag-aaral, tumanggap ng gamit pang-eskwela

**SAN JOSE, Occidental Mindoro (PIA) --** Limandaan at limang katutubong mag-aaral mula sa mga bayan ng San Jose, Sablayan at Abra de Ilog ang hinandugan kamakailan ng mga gamit pang-eskwela ng MCN Foundation Inc. (MCNFI), bilang pagdiriwang ng Buwan ng Katutubo.

Ayon kay Delia Yabican, kawani ng MCNFI, bahagi ng kanilang programang 'Be Cool in School' ang pamimigay ng school kit na naglalaman ng school bag, mga notebooks at ballpens.

"Hangad ng foundation na mabigyan ng school kit ang may 10,000 katutubong mag-aaral sa buong bansa ngayong taon," pahayag ni Yabacan. Aniya, mga nakatira sa liblib na lugar o kabilang sa geographically-isolated and disadvantaged areas (GIDA) ang target na benepisyaryo ng kanilang programa.

"Sila kasi iyong hindi agad makakabili ng gamit dahil sa kanilang lokasyon at kadalasan wala ring pambili," dagdag pa ni Yabican.

Sinabi naman ni Reynante Luna, tagapamahala ng panlalawigang tanggapan ng National Commission for Indigenous Peoples (NCIP), kadalasang school supplies ang hinihingi ng mga katutubong magulang sa kanilang tanggapan.

"Kaya nang malaman natin na namamahagi ng school kit ang MCN Foundation Inc., sinikap nating makasama sa mga benepisyaryo nila ang ating lalawigan," saad ni Luna.

Pahayag pa ng opisyal, ang pamahahagi ng school kit ay isa lamang sa mga aktibidad para sa mga IPs ngayong Oktubre. Aniya, kamakailan din ay nanumpa ang siyam na Indigenous Peoples Mandatory Representative (IPMR) sa Abra de Ilog. "Ang IPMR ang magsisilbing kinatawan ng mga katutubo sa pamahalaan at maglalapit ng kapakanan ng kanilang tribo sa anumang proyekto o programa ng gobyerno," paliwanag ni Luna.

Dagdag pa ng tagapamahala ng NCIP, inaasahan na bago matapos ang Oktubre, maisasapinal na ang Lokal na Gabay ng lalawigan para sa pagpili ng IPMR.

Sa buwang ito rin ay ipapaliwanag sa mga katutubo ng bayan ng Paluan ang kahalagahan ng pagkakaroon ng kooperatiba.

"Ang iba't ibang gawaing ito ay bilang pagdiriwang ng Buwan ng Katutubo at ng ika-22 Anibersaryo ng Indigenous Peoples Right Act of 1997 o IPRA," ayon pa kay Luna. **(VND/PIA MIMAROPA/Occ Min)**

# BCCI, ginawaran bilang Most Outstanding Chamber of the Philippines

**LUNGSOD NG MALOLOS (PIA)** -- Pinarangalan muli ang Bulacan Chamber of Commerce and Industry o BCCI bilang Most Outstanding Chamber of Commerce in the Philippines at sa North Luzon Provincial Level 1 sa ginanap na 45th Philippine Business Conference.

Tinanggap ni BCCI President Cristina Tuzon ang nasabing mga parangal na iniabot mismo ni Pangulong Rodrigo R. Duterte.

Ayon kay Tuzon, dati na ring napaparangalan ang BCCI bilang Most Outstanding Chamber of the Philippines noong 2002 at 2016.

Patuloy aniya na nagiging produktibo ang BCCI sa nakalipas na 31 taong upang lalong makapagambag na maging business-friendly ang Bulacan.

Pinarangalan ang BCCI para sa naging kontribusyon nito sa pagbalangkas sa noo'y panukalang batas at ngayo'y Republic Act 11032 o ang Ease of Doing Business and Efficient Government Service Delivery Act of 2018.

Kinilala rin ang inisyatibo ng BCCI na ilunsad ang Invest Bulacan 2018 na nagresulta sa 92 bilyong pisong bagong pamumuhunan sa lalawigan at nakapagrehistro ng mahigit 31 libong micro, small and medium enterprises.

Kabilang naman sa mga kampanya ng BCCI upang makahikayat ng mas maraming mamumuhunan at mapalakas pa ang kalakalan ang taunang pagdaraos ng Bulacan Food Fair and at ng Bulacan Builders Expo. **(CLJD/SFV-PIA 3)**

# RESILIENT COOPERATIVES TOWARDS BUSINESS CONTINUITY

Strengthening cooperatives in the province through capacity building was the focus of the 7th Cooperative Leaders Conference held on October 25, 2019 at Alta D'Tagaytay in Barangay Iruhin East, Tagaytay City. Sharing the huge success of the event were around 300 cooperative leaders in Cavite who convened as part of this year's coop month celebration bannering the theme "Business Continuity: The Next Evolutionary Phase of Business Continuity,"

With a powerful story of wisdom, Board Member Rommel Enriquez, Sangguinang Panlalawigan Chairperson of the Committee on Cooperatives welcomed guests, resource speakers and participants telling everyone that the future of a cooperative depends on its management. Likewise, Provincial Cooperative Development Council (PCDC) Chairperson, Fr. Arturo Balagat together with PCDC Chairman Emeritus Ka Rodrigo Camia delivered their opening message, with inspiring stories of almost 40 years of dedicated service to coop highlighting the value of social responsibility while leading the success of cooperatives.

Meanwhile, on behalf of Governor Jonvic Remulla, Provincial Administrator for Community Affairs Mr. Alvin Mojica pledged commitment to the programs of cooperatives and thanked the coop leaders for their continued support through participation to various activities being led by the Provincial Cooperative, Livelihood and Entrepreneurial Development Office (PCLEDO) headed by Atty. Khervy Reyes.

Topics concerning business continuity management and related concepts filled the whole-day event of coop leaders who are very eager to learn and become resilient to achieve their goals.

Prior to the lecture and discussion proper, Cooperative Development Authority (CDA) Region IV-A Director Salvador Valeroso took the opportunity to present the 2018-2022 Philippine Cooperative Development Plan, expounding its overview, vision, goals and underlying principles. Also, in his words of encouragement, Director Valeroso shared a famous quote that says, "To accomplish great things, we must not only act, but also dream; not only plan, but also believe," adding that great coop leaders provide a more conducive coop environment.

Further learnings and motivation were shared by experts on cooperativism including Mr. Bon Ian De La Roca, Asst. VP for Returns of Sorosoro Ibaba Development Cooperative, who also delivered the keynote speech on behalf of AGAP Partylist Representative Rico Geron; Director Diosdado Waña of the Center for Humanitarian Learning and Innovation; and Mr. Mark Cervantes, a National Disaster Risk Reduction and Climate Change Adaptation Specialist from the Food and Agriculture Organization of the United Nations.

The talks helped participants better understand business continuity management to minimize economic losses and stay in the market for the benefit of every member of the coop. They wanted coop leaders to realize that low organizational leadership capacity equates to higher the risks, thus, the need to have strong internal control mechanism that will win the confidence of members.

In addition, General Manager Maria Jennet Avecilla of Bacoor City's Bagong Silang II Multi-Purpose Cooperative shared their coop's best practices starting off with their milestone journey. Ms. Avecilla emphasized how transparency and good record-keeping made them survive challenges, reminding coop leaders like her the value of integrity in handling finances.

Words of challenge from the Department of Trade and Industry-Cavite Provincial Director Noly Guevara aptly wrapped up the conference. Director Guevara asked for every coop leader's application of the learnings and capacities they have developed in attaining the vision and mission of their respective cooperatives.

The event continued with the Gabi ng KOOParangal 2019, which highlighted cooperative excellence and gave wider recognition to coop leaders. Among the awards granted were The Most Promising Cooperative, Best in Assets, Best Coop in Micro, Small and Medium-scale Category, Most Diversified, and Most Participative Local Coop Development Officer and other special citations. Cash incentives assistance from Senator Francis Tolentino and Governor Jonvic Remulla served as motivation for cooperatives to do well every year. The AVP message of Cooperative Development Authority Chairman Orlando Ravanera equally inspired coop awardees, congratulating the province's efforts in developing champion cooperatives. **(PICAD)**

## HANEP SHOWBIZ

# 'DI LONG LIFE ANG PAGIGING ARTISTA- KATHRYN BERNARDO

**CORRECT ang pahayag ni Kathryn Bernardo na ang pag-aartsita ay hindi long life o pangmatagalan.**
Same din ang pananaw dito ng real partner ng aktres na si Daniel Padilla dahil naniniwala rin ang aktor na ang buhay-artista ay hindi panghabambuhay.
Kaya naman sadyang compatible sa isa't isa ang magdyowa dahil maraming bagay at pananaw na sila ay magkatulad.
Dahil batid na ang showbiz ay hindi for last kaya naman magkatuwang sila sa business na kamakailan ay kanilang binuksan.
Isang simpleng grand opening ang isinagawa ng dalawa sa kanilang barber shop.
Labis ang kanilang pasasalamat sa family nila at mga close friend na nagbigay ng suporta.
Present sa opening sina Ria Atayde, Dominic Roque, Patrick Sugui at Vivoree Esclito and of course ay naroon ang 'erpat ni Daniel na si Rommel Padilla.
Naroon din para sa kanilang support sina Karla Estrada at Mommy Min.
Nagsabi nga si Daniel na napag-usapan at napagkasunduan nila ni Kat na maging busines partners.
Ang kanilang income kasi sa showbiz ang magsisilbing pundasyon para sa 'bisnes.
Take note, ang KathNiel ay may mga 'niluluto' para sa iba pang negosyo na kanilang nais buksan.
Maganda ang buhos ng pagmamahalan ng dalawa at dahil dumating na sa puntong partners in business na sila ay hindi naiiwasan ang bulungan.
May naganap na raw kayang secret marriage sa pagitan ng dalawa?
Nasa five years na ang matamis at masayang romansa o pagsasama nila.
Well, ano man ang real score sa kanilang relationship ay hindi na marahil mahalaga iyon.
Ang mas importante ay matibay ang pundasyon ng kanilang pagsasamahan.
Kaya 'gudlak KathNiel sa inyong business at soon to be pa na mga negosyo.





Of course, good luck also sa inyong relasyon.

@@@

**CONGRATS ROCCO**

Huli man daw at magaling ay maihahabol pa rin ang pagbati kay Rocco Nacino.
Ang aktor ay isa ng opisyal na Philippine Navy reservist matapos tanggapin ang certificate of completion para sa kanyang Basic Civilian Military Training kamakailan.
Nakakuha rin ang aktor ng citation dahil sa natamo niyang pinakamataas na grado para sa Physical Fitness Test.
Hinihimok ni Rocco ang mga kabataan para sa pagpapahalaga sa nasyonalismo.
Bukod pa na dapat ay umiiral ang tamang disiplina ng mga kabataan sa pagsisimula ng kanilang pagtahak sa buhay.
Saludo kami sa iyo Rocco, congrats.

## "TANIM SA TIYAN"

NOBELA NI ATE JOSIE

**(23)**

**"AYOS** 'yan, sige at larga tayo kasi nakakaburyong naman na rin dito."
Binanggit ni Alex na pupuslit sila at pupunta sa ibang kamag-anak nila.
Sang-ayon naman si Allan sa plano ni Alex at napagkasunduan kaagad na kinabukasan ay lalarga na sila.
Kaya naman pagkagising kinabukasan pagkatapos makapag-almusal ay gumayak na ang dalawa.
Ilang pirasong gamit lamang ang inihanda ng magkaibigan para hindi sila mahalata.
"Si tiyang na lang ang naiiwan sa bahay pero maya-maya lang aalis 'yan kaya pag-alis ay sisibat na tayo."
Kumukuha ng tiyempo ang dalawa at panay na nga ang bulong nila dahil ang tagal pang umalis ng tiyahin ni Alex.
Naglalaro rin sa isang oras bago ganap na nakaalis ang magkaibigan.
Mahaba rin ang nilakad ng dalawa bago nakarating sa masasakyan.
"Walang bayad ang magtanong kaya 'wag kang mag-alala at makakarating din tayo roon."
Nag-aalala rin si Allan dahil pareho silang dayo sa lugar kaya nga lamang ay sinabi ni Alex na magtatanung-tanong na lamang sila.
Nakarating naman ang dalawa at maayos naman silang sinalubong ng isa pang kamag-anak ni Alex.
Kapwa napuna nga lamang kaagad ng magkaibigan na higit na mahirap ang kalagayan doon.
Halata naman iyon ng dalawa dahil sa mga inihahaing pagkain sa kanila.
Kaya naman napagkasunduan ng dalawa na isang gabi lamang silang mananatili roon at bukas din ay aalis na.
"Patawarin po ninyo kami, 'di na mauulit. Hindi na po namin gagawin uli."
Pagkauwi ay katakut-takot na paghingi ng kapatawaran ng dalawa.
Wala namang galit sa tiyahin ni Alex sa halip ay ipinagtutulukan pa silang kumain.
'Kayong dalawa ha makinig kayo sa sasabihin ko sa inyo."
**(Itutuloy)**

## IISA... IKAW AT AKO

SA PANULAT NI KUYA ARMAN

**(Ika-33 labas)**

**LABIS** ang pagkakabigla ni Jane sa narinig mula kay Bernie kaya naman natulala siya.
"Ang sabi ko ay mahal na kita, paniwalaan mo ang sinasabi ko dahil totoo 'yan."
Alam naman ni Jane na hahantong sila sa ganoon subalit lubhang napakabilis ng pangyayari para sa kanya.
Dahil madalas o halos araw-araw silang nagkakasama kaya ang kanilang pagkakaibigan ay may ibang patutunguhan.
"Naniniwala naman ako pero masyado mo naman akong binigla."
"Bigyan mo ako ng panahon para makapag-isip at makapagpasya. Hayaan mo munang maging magkaibigan pa tayo."
Sa pagsagot na iyon ay malaki ang paniniwala ni Bernie na sasagutin din siya ni Jane.
"Pasensya ka na kung naging mabilis ako, nag-apura na ako kasi baka may makauna pa sa akin."
Pakiwari ni Bernie ay bahagyang nagpapakipot lamang si Jane, na natawa sa kanyang sinabi.
"Ngayon nasabi ko na at alam mo na ang nasa damdamin ko pero maghihintay ako sa kasagutan mo."
Ngumiti lamang si Jane kasabay ng paalam kay Bernie at nagsabing susunduin siya ng kanyang daddy.
Sa sinabing susunduin ng daddy ay alam na ni Bernie na kailangang lumayo at umiwas na muna siya kay Jane.
Lumayo man subalit hindi pa agad umalis at nag-aantabay pa si Bernie.
Pagkaraan ng ilang saglit ay natanaw na ni Bernie ang sundo ni Jane at napansin niya ang bumaba sa kotse.
Sinalubong ni Jane ang kanyang daddy sa pamamagitan ng yapos at halik sa pisngi.
Walang ibang ano mang kahulugan para kay Bernie ang pag-akbay kay Jane ng kanyang daddy.
Si Jane naman ay nakayapos na ang isang kamay ay nasa bahagyang balakang ng kanyang daddy habang naglalakad sila papasok ng sasakyan.
"Kumusta naman na? May napapansin ako sa iyo ah."
**(Sundan)**

# UPGRADES AND MORE AT SM CITY MOLINO CYBERZONE

**SM CITY MOLINO, CAVITE -** If you're always on the go but your phone and other gadgets can't keep up with how fast your phase is, reward yourself with a tech upgrade and invest in more reliable gadgets and accessories at SM City Molino Cyberzone. Great finds are at offered at the stores located on the 2nd floor of the mall. Pick up your new phone from the most reliable brands in three of their newest stores: Tech 101, Siena Mobile and Mobile Suites. Accessorize your gadgets here with their cool products from phone casings, screen protectors, tempered glass, audio devices and more! Repair services are also offered here so you can save your favorite gadget with the experts. So go and tech up your gadgets now at SM City Molino Cyberzone!




**Tech 101** located at the 2nd floor-Cyberzone of SM City Molino




**Siena Mobile** located at the 2nd floor-Cyberzone of SM City Molino




**Mobile Suite** located at the 2nd floor-Cyberzone of SM City Molino

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**BRANCH 23**
**TRECE MARTIRES CITY**

**BANGKO MABUHAY**
**(A RURAL BANK), INC.**
Mortgagee,

**FORECLOSURE CASE NO. F-267-19**

-versus-

**ANALYN DINGAL BANTACULO,**
Mortgagor/s.
X - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon Extra-Judicial Petition for Sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by Mortgagee, **BANGKO MABUHAY (A RURAL BANK), INC.**, with principal office address at A. Soriano Highway, Daang Amaya III, Tanza, Cavite against the Mortgagor, **ANALYN DINGAL BANTACULO**, with residence and postal address at Blk.10, Lot 49, Marbella St., Brgy. San Francisco, Gen. Trias City, Cavite to satisfy the mortgage indebtedness which as of August 22, 2019 amounts to **ONE MILLION ONE HUNDRED FORTY EIGHT THOUSAND EIGHTY THREE PESOS and 30/100 (P1,148,083.30)**, Philippine Currency, including/excluding interest, penalties attorney's fee, miscellaneous fees and all legal fees as specified and provided for in the promissory note, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **December 19, 2019** at 10:00 o'clock in the morning at the main entrance of the Government Center Building located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder for **CASH** and in Philippine Currency, the following described property with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No: 057-2018032904**
**(TAX DECLARATION NO. 242-0027-54647)**

A parcel of land (Lot 49, Blk.10 of the cons/subd. plan, Pcs- 04-011869, being a portion of the cons of Lots 2680-G-3 to 8, all (LRC) Psd-222174, Lot 2680-J-2, (LRC) Psd-101732, Lots 2680-B, I & K, all of Psd-33619, L.R.C. Rec. No. __) situated in the Brgy. of de Fuego Mun. of Gen. Trias, Prov. of Cavite, Is. Of Luzon. Bounded on the SE., along line 1-2 by Lot 50; on the SW., along line 2-3 by Lot 47; on the NW., along line 3-4 by Rd. Lot 11; and on the NE., along line 4-1 by Lot 51, all of the cons./subd. plan. Beginning at a pt., marked "1" on plan. **x x x containing an area of NINETY SIX (96) SQUARE METERS x x x**

A one storey residential building (House 1-B), situated at Monterey Farms, San Francisco, City of Gen. Trias with floor area of 36 sq.m. with Market Value of P257.760.00 under Tax Declaration of Real Property No. 242-0027-54648

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event of public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **January 9, 2020** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances thereon, if any there be.

Trece Martires City, **October 24, 2019**

**LUCIO C. ALEJO III**
Sheriff IV

**Copy Furnished:**
**ATTY. CESARIO G. GONZALES, JR.**
Counsel for Bangko Mabuhay (A Rural Bank), Inc.
A.Soriano Highway, Daang Amaya III, Tanza, Cavite

**ANALYN D. BANTACULO**
Blk.10, Lot 49, Marbella Street Maravilla
Brgy. San Francisco, Gen. Trias, Cavite

**WARNING**: It is absolutely prohibited to remove deface or destroy this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale.

**PUBLICATION: HANEP** October 28, November 4 and 11, 2019

# CASABWATCH to Launch in CALABARZON



Photo Courtesy of Manila Bay Site Coordinating/Management Office 4.

**The CALABARZON Regional Agencies of DENR and DILG introduced its CASABWATCH Program** during the First CALABARZON Sanitasyon Basura Watch Program (CASABWATCH) Regional Support and Catalyst Group Meeting last October 4, 2019. CASABWATCH is a program in support of the Manila Bay Clean-Up and Rehabilitation Program, Manila Bayanihan para sa Kalikasan Advocacy, and Tayo ang Kalikasan. It aims to reduce the solid waste flowing in the waterways of CALABARZON and in Manila Bay through strict implementation of NO LITTERING and NO ILLEGAL DUMPING of waste in the Region. According to the report of the Environmental Management Bureau IVA, only two (2) out of the fourteen (14) monitored bathing beaches connected to Manila Bay are within the standard fecal coliform level of 100 MPN/100 mL. Further, EMB accounts 4,572 tons of waste generated per day within the Manila Bay Region of which 43% are biodegradable, 31% are recyclable, 25% are residuals, and 1% special waste. Aside from the regular clean-up activities, continuous monitoring and inspection of establishments is being conducted in the Region. As of September, EMB IVA inspected 1,200 establishments and issued 344 Notices of Violations. DENR IV-A (CALABARZON) Compound, Mayapa Main Road (along SLEX), Barangay Mayapa, Calamba City, Laguna Mobile Nos. 09202068610 / 09553912684; E-mail address: denr4a.ord@gmail.com Republic of the Philippines Department of Environment and Natural Resources Regional Office No. IV-A (CALABARZON) PRESS RELEASE Regional Public Affairs Office Email: denr.rpao4a@gmail.com Moreover, the Regional Support and Catalyst Group will serve as a watchdog or monitoring body for the implementation of the CASABWATCH program. It is a support and monitoring group for the implementation of R.A. 9003 also known as the Solid Waste Management Act of 2000. Mandamus agencies, academe, media, and other concerned agencies, groups and organizations are the target partners for the said program.




## TOOL OF CHOICE, BUMANDERANG TAPOS!

Walang hirap na nakuha ang unahan ng kabayong si Tool Of Choice na sinakyan ng hineteng si Rod Adona sa takbuhang naganap sa karerahan ng Santa Ana Park sa Naic, Cavite at dahil sa gaan ng dala o timbang na 51 kilograms ay hindi na nagawang makadikit pa ng kanilang mga nakalaban. Sumegunda sa kanila ang dala ni Jesse Guce na si Zapima at tersero ang dehadong si Oceanside ni Jomer Estorque. Sa karerang iyan ay walang nadaanan ang top choice na coupled entries na sina Be Humble at No Regret, kaya tiyak na babawi sila sa susunod na pagtakbo. Sa sumunod na takbuhan ay nakuha sa tiyaga ni Pamboy Ponce na paremtehin ang sakay niyang si Windy Star upang biguin at naunahan nila sa pagparemate si Board Walk ni Joel Siego, malapit na tumersero sa kanila ang dala ni Mark Lanot na si Bullet Fever. Sa takbuhang iyan ay naunahan ni Mark na agawan ng puwesto sa may tabing balya ang sakay ni Joel na mas kilala rin na dobleng manakbo sa nabanggit na puwesto, kung kaya't mula sa ika- apat na posisyon ay inikot pa si Board Walk na patakbuhin na lamang sa may gawing labas dahil nakabara sa kanila si Bullet Fever, subalit sa pagkakataong iyon ay mas nagalawan na ni Pamboy sa labas si Windy Star kaya walang ibang nagawa si Joel kundi ang pumuwesto sila sa may kalabas- labasan na siyang ikina- antala nila. Malayong nagwagi naman ang kabayong si Magnificent Seven na nakatagpo ng sobrang gaan na nalabanan. Halos pameta na lamang ang top choice na si Tabing Ilog na nakipag- lutsahan sa matulin na kabayo na si Happy Man ay biglaang naubos rin sa huling diretsahan kung kaya't naremetahan pa nung nanggaling sa likuran na si Double Rock. Samantala, maganda naman ang itinakbo ng kabayong si Easy Landing sakay ng hineteng si Amon Raquel Jr. matapos na may natira pang lakas na naipang- tapat sa mga rumemateng sina Oktubre Katorse at Triton.

## Sementeryo, sinalakay

Iba't ibang mga kontrabando kabilang ang sum¬pak, airsoft gun, mga patalim at drug paraphernalia ang nasamsam ng mga tauhan ng Manila Police District mula sa ilang nakatira sa Manila North Cemetery.

Ang isinagawang clea¬ring operations ay bahagi ng paghahanda ng MPD at pamunuan ng Manila North Cemetery sa katatapos na Undas.

Ayon kay MPD station 3 commander P/Lt. Col. Reynaldo Magdaluyo, kailangang gibain ang mga informal settlers upang mas maging maluwag at malinis ang lugar.

Bilang pagsunod sa direktiba ni Manila Mayor Isko Moreno, ay naging mas mahigpit sa mga sementeryo.

Batay sa inisyal na imbestigasyon ng mga awtoridad, posibleng ginagawang drug den ang isa sa mga barung-barong na giniba kung saan nasamsam ang mga drug paraphernalia.

Ayon kay MNC Director Yayay Castañeda, dinoble nila ang monitoring at seguridad upang matiyak na walang ipapasok na ipinagbabawal na kontrabando.

Nabatid na hindi bababa sa 500 pulis ang itinalaga sa Manila North Cemetery nitong nakaraang Araw ng mga Patay. **(leonard basilio)**

# BJMP Lucena City, patuloy ang mga programa para sa kabutihan ng mga PDL

**LUNGSOD NG LUCENA (PIA)--**Sinabi ni Major Miguel T. Langcauon ng Bureau of Jail Management and Penology (BJMP)-Lucena City sa kanyang pananalita sa isinagawang flag raising ceremony noong Oktubre 21 na halos tatlong dekada na nilang patuloy na itinataguyod ang mga programang magsusulong para sa kabutihan ng mga bilanggo.

"Bawat isa sa atin ay may responsibilidad. Kapag may time po kayo pasyal po kayo sa district jail at makikita niyo po 'yung situation dun at 'yung livelihood products na gawa nila. Layunin po ng Inmates Welfare and Development (IWD) na mabigyan ng sapat na kahandaan at pagsasanay ang ating mga kapuspalad na Persons Deprived of Liberty (PDL) kasama po naming diyan ang TESDA," sabi ni Langcauon.

Dagdag pa niya, bumaba sa 635 ang bilang ng PDL na nakakulong sa piitan kumpara noong nakaraang taon dahil sa free bargaining at good conduct time allowance.

Ibinahagi din ni Langcauon ang pagpapatupad nila ng Greyhound Operation katuwang ang PNP at Bureau of Fire kung saan hinahadlangan ang pagpasok, paggamit at pagkalat ng mga kontrabando sa loob ng piitan upang mapangalagaan ang publiko, mga empleyado at mga PDL.

"Sa katunayan nakatanggap po kami sa PDEA ng certification na wala pong droga sa ating kulungan from 1st Quarter hanggang 3rd Quarter this year. Malaking hamon po ito sa amin kasi, alam naman po natin na talagang mayroon pa ring droga, but hindi po kami tumitigil na sugpuin po ito at hindi po naming hahayaan na magamit po ang kulugan natin na maging taguan. Sa atin pong jail, malinis po ang ating Quezon District Jail," ayon pa kay Langcauon.

Dagdag pa ni Langcauon, nagkaroon sila ng isang rehabilitation training na tinawag na Katatagan Kontra Droga sa Komunidad (KKDK) na sa halip na dalhin sa Nueva Ecija ang isang PDL, puwede na silang sumailalim sa rehabilitation program sa loob mismo ng district jail.

Ang nakaraang Monday flag-raising ceremony ay pinangunahan ng Bureau of Jail Management and Penology (BJMP) bilang tampok sa taunang pagdiriwang ng National Correctional Consciousness Week noong Oktubre 21-27, 2019 na may temang, "Serbisyong May Malasakit at Kalidad, Alay sa Piitan at Komunidad" na may layuning maipadama sa mga kapuspalad na PDL na sila ay bahagi pa rin ng pamayanan. **(Ruel Orinday-PIA-Quezon, may ulat mula sa Quezon PIO)**

## P1-M beauty products, nakumpiska

Nakumpiska ng National Bureau of Investigation (NBI) ang P1 milyong halaga ng beauty products na walang permit mula sa Food and Drug Administration (FDA).

Kasama sa higit 20 produktong nakumpiska ng NBI Special Action Unit ang mga peeler, pampaputi, anti-aging products, at gluthatione soap.

Wala ring detalye ang packaging ng ilang produkto gaya ng expiration at kung kailan ginawa.

Ikinasa ng NBI ang pagsalakay sa pagawaan sa bisa ng search warrant.

Tumangging magbigay ng panayam ang mga tauhan ng kompanya pero inamin nilang wala silang FDA permit. **(leonard basilio)**

# Pinagdroga muna…

## ESTUDYANTENG DALAGITA, NAISALBA NG 'SMaRT' SA TAIWANESE NA NANGMOLESTIYA

**KALABOSO ang isang 55-anyos na Taiwanese national sa mga tauhan ng Manila Police Disrict-Special Mayor'sReaction Team (SMaRT), habang nailigtas naman ang dalagitang estudyante na pinabatak pa nito ng shabu at saka ginahasa sa isang condominium sa Malate, Maynila.**

Isinalang na sa inquest proceedings ang suspek na si Wei Tang Yao, nanunuluyan sa isang condo sa San Andres, Malate, Maynila, sa kasong paglabag sa Republic Act 8353 o Anti-Rape Law of 1997 in relation to RA 7610 o Child Abuse Law at RA 9165 o comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 sa reklamo ng isang 16-anyos na estudyante ng Sta, Ana, Maynila.

Sa ulat mula sa tanggapan ni SMaRT Chief, P/Major Rosalino Ibay Jr., nagpasaklolo sa pamamagitan ng paggamit ng cellphone ang biktima nang siya ay sapilitang gahasain ng suspek sa loob ng unit nito matapos umanong pagamitin ng shabu.

Nang makilala niya ang suspek ay niyaya umano siyang kumain hanggang sa yayain siyang sumama sa condo unit nito at don naganap ang paggamit ng ilegal na droga at panggagahasa.

Nang mahimasmasan ang biktima nagawang nagkulong umano sa comfort room at nagawang magmessage sa kapitbahay na pulis na tauhan ng SMART Upang makahingi ng tulong

Nang salakayin ang nabanggit na lugar, nasagip ang biktima at nakuha rin dito ang apat na sachet ng shabu,timbangan, improvised water pipe at disposable lighter.**(leonard basilio)**

# 3 katao 'di nakaabot sa Undas

**HINDI** na nakaabot sa Undas ang tatlong katao nang naaksidente sa magkakahiwalay na lugar sa Cavite.

Kinilala ang mga naiulat na nasawi sa aksidente na sina Arlan Tadifa, 31, may-asawa, vendor, ng 318 Tokwahan, Brgy Medicion II-B, Imus City, Cavite; Ronnie Mora, 20, ng Sorosoro, Ilaya, Batanags City; at Juan Ogena, 44, welder, ng Sitio Quarry Brgy Bancud, Indang Cavite.

Sa ulat ni Corporal Danilo Martinez, ng Imus City Police Station, dakong alas-3:00 ng hapon nang naganap ang insidente kung saan minamaneho ni Tadifa ang kanyang motorsiklong Honda at binabagtas ang kahabaan ng Brgy Bucandala patungo sa south direction pero pagsapit sa tapat ng Egay Trucking Services sa Bry Alapan II-B ng nasabing lungsod nang mabangga nito ang isang bakal na harang sa tulay dahilan upang mahulog ang motorsiklo nito sa tulay habang halos mabiyak umano ang dibdib nito sa pagkakatama sa bakal.

Ayon kay Martinez, galing umano sa birthday ng nanay nito kaya pinaninwalaang nakainom ito.

Minamaneho naman ni Mora ang kanyang motorsiklong Suzuki at binabagtas ang kahabaan ng CM Delos Santos Ave., sa Brgy Banaybanay, Amadeo, Cavite patungong South direction dakong alas-11:00 ng gabi nang banggain siya ng isang pampasaherong jeepney (CPT 414) na minamaneho ni Noly Dela Cruz, 58, ng 165 Pasong Matanda Road Brgy Amadeo, Cavite na galing naman ng opposite direction, dahilan upang tumilapon ang katawan nito at natamo ng malaking sugat sa ulo at katawan.

Isinugod pa sa Ospital ng Tagaytay ang biktima subalit idineklarang dead on arrival.

Sa salaysay naman ni Joseph Ogena, dakong alas-4:20 ng madaling araw habang naglalakd sila ng kanyang Tatay (biktima) sa kahabaan ng Indang-Trece Road sa Brgy Mataas na Lupa sakop ng Indang nang tumawid sila sa kalsada pero nauna ang kanyang ama.

Tiyempo naman na paparating ang minamanehong Honda City (NEA 1348) ni SN2 Ivan Christopher Mendoza, miembro ng Philippine Coast Guard (PCG) na patungo naman sa direksiyon ng mabangga ang matandang Ogena.

Isinugod pa ang biktima sa General Emilio Aguinaldo Hospital suablit binawian din ito ng buhay.

Kasong Reckless Imprudence Resulting in Homicide ang kinakaharap ng miemrbo ng PCG. **GENE ADSUARA**



**DPWH Sec. Mark Villar** leads the opening of the first 10-km. stretch of Calax — from Mamplasan to Sta. Rosa-Tagaytay Road — on Wednesday, just in time for the exodus to the provinces for the observance of #Undas2019, on Wednesday Oct. 30, 2019. | via Avito Dalan

# Nanay, patay sa pagsalba sa kaligtasan ng anak

**MASUWERTENG** nakaligtas ang isang 1-taon na bata subalit dead on arrival naman ang kanyang ina habang kritikal ang ama nang tumilapon ang mga ito sa isang motorsiklo matapos na nakasalpukan ang isang pampasaherong jeepney sa Bacoor City, Cavite.

Hindi na umabot ng buhay sa St. Dominic Hospital si Rose Anne Deliz, 25, dahil sa matinding sugat sa katawan habang kritikal naman sa Philippine General Hospital ang live-in partner nitong si Kevin Jules Dela Cruz, 27, Online Seller, habang umano'y nasa ligtas ng kalagayan ang kanilang 1-taon anak na si Dalle Vencer Deliz, pawang residente ng Bagong Silang Brgy. Queens Row East, Bacoor City, Cavite.

Hawak naman na ng Bacoor City Police ang driver ng isang pampasaherong Jitney na may plakang DVV 972 na si Elmer Anay, 62, ng Pulong Mabilog, Brgy. Molino IV, Bacoor City.

Sa ulat ni PSSgt Edison Fetalculin, ng Bacoor City Police station, dakong alas-5:30 ng umaga nang naganap ang insidente kung saan kapwa binabagtas ng mga biktima at suspek ang kahabaan ng Aniban Road, Brgy Aniban 3, Bacoor City.

Minamaneho ng ama ang kanyang kulay itim na motorsiklong Honda Beat kung saan nakaangkas ang kanyang anak at live-in partner galing sa Zapote Road patungo sa direksiyon ng Paliparan Dasmarinas City habang ang suspek ay minamaneho ang kanyang pampasaherong jeepney na binabagtas naman ang opposite direction galing sa Molino road patungo sa Zapote road nang pagsapit sa isang palikong bahagi sa nasabing lugar nang tinangka umano ng ama na mag-overtake sa isang traysikel.

Pero sa pag-overtake ay sumabit umano ang motorsiklo nito sa bahagi ng traysikel at siya naman padating ng pampasaherong jeepney dahilan upang mag-"head-on-coalision" ang dalawang sasakyan.

Nabatid na nang tumilapon ang mag-ina ay yakap nito ang kanyang anak.

Isugod ang tatlo sa ospital subalit idineklarang dead on arrival si Rose Ann.

Nakalipas ang ilang oras ay inilipat ang mag-ama sa Philippine General Hospital kung saan nasa malubhang kalagayan si Kevin habang nasa ligtas ng kalagayan ang kanilang 1-taon na anak. **GENE ADSUARA**

HANEP
Basahin Mo Ito!

KALIBRE

ROMY SANTOS
0977-7844136



# Matamo kaya ang bangketa?

**TAPOS** na ang Undas at dito na nararamdaman ang napakatuling pagtakbo ng mga oras at araw.

Iyon bang mistulang hinahatak ang panahon at sa isang iglap ay mamamalayan na lamang na Pasko na.

Speaking of Pasko, natural ay masaya ang mga manggagawa para sa kanilang bonus at 13th month pay, sa pribado o publikong tanggapan.

Pero aminin man sa hindi ay halos pareho o iisa ang maririnig mula sa kanila.

Kung hindi man sasabihing eksakto ay kulang pa rin gayunman ay naroroon pa rin ang pasasalamat dahil kahit paano ay mairaraos ang Pasko nang maayos.

Ang tanong nga lamang ay paano na ang Pasko ng mga kababayan nating nagtitinda sa mga bangketa?

Silang mga sidewalk vendor na kapag ganitong okasyon ay nakikitaan natin ng mga ngiti kahit ang kanilang kabuhayan ay sa bangketa lamang.

Sa mga ganitong panahon ay nakakabawi ang mga sidewalk vendor.

Kumbaga ay nasususlit ang kanilang maghapong pagod sa pagbababad sa bangketa at sa pagsapit ng Pasko o Bagong Taon ay para na rin silang government o private employee na nakakaramdam ng bonus o 13th month pay.

Malaking epekto sa kanila ang clearing operations ng pamahalaan.

Sabi nga ang Pasko ay panahon ng pagbibigay, matamo kaya nila ang inaasam na bangketa?

Siguro naman ay may karapatan din ang mga side walk vendor na maging masaya ngayong Pasko.